

# ANG IYONG PLANO PARA MAKALIGTAS SA BUSH FIRE WALA PA AKONG PLANO...

Responsibilidad mong ihanda ang iyong sarili, ang iyong bahay at ang iyong pamilya. Sa pagkakaroon ng plano, mas malaki ang tsansa mong makaligtas sa bush fire.

Karamihan sa mga tao ay may plano para makaligtas sa bush fire. Kung wala ka pang plano, madali lang simulan ito. Isa sa pinakamahalagang bagay na magagawa mo bago magkaroon ng bush fire ay ang magpasya kung ano ang iyong gagawin kung may magbabantang sunog.

## KUMPLETUHIN ANG '5 MINUTONG USAPAN TUNGKOL SA SUNOG'

Gawin ito ngayon kasama ang iyong sambahayan. Ang inyong pagkaligtas sa oras ng bush fire ay nakasalalay dito!

### KAILAN KAMI LILIKAS?

Lilikas ba nang maaga ang sinumang mga bata, dependyente, matatanda o may sakit na miyembro ng iyong sambahayan?

OO  HINDI  HINDI TIYAK

### KAYA BA NAMING IHANDA ANG AMING BAHAY AT PROPYEDAD?

Ang bahay at propyedad na inihanda nang mahusay ay mahalaga sa pagpapalaki ng tsansa ng mga ito na mailigtas sa oras ng bush fire.

OO  HINDI  HINDI TIYAK

### MAKAKAYANAN BA NAMIN ANG SITWASYON NG BUSH FIRE?

Lahat ba ng mga miyembro ng iyong sambahayan ay handa ang pag-iisip, pisikal at emosyon upang protektahan ang inyong bahay nang maraming oras, maging ilang mga araw sa isang pagkakataon?

Magiging mainit, mausok at magulo – at maaaring hindi ka makatanggap ng tulong mula sa mga bumbero.

OO  HINDI  HINDI TIYAK

### MAGKAKARON BA KAMI NG MGA KAGAMITAN?

Ikaw ba ay nakatuong kumuha ng kinakailangang kagamitang pamatay-sunog – kabilang ang Emergency Kit na may kasuotang pamprotekta?

OO  HINDI  HINDI TIYAK



Kung sinagutan mo ng **'HINDI'** o **'HINDI TIYAK'** ang isa o higit pang mga tanong, dapat kang **LUMIKAS NANG MAAGA**. Ito ang iyong pinakaligtas na pagpipilian.

Kung sinagutan mo ng **'OO'** ang lahat ng mga tanong, ikaw ay maaaring **MAGPASYANG MANATILI**, kung ikaw ay mahusay na nakapaghanda lamang.